



PAGBOTO NG MGA HINDI MAMAMAYAN

Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon ng San Francisco
(Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan), Nobyembre 6, 2018

KAILANGAN PARA SA ELIHIBILIDAD

para makapagparehistro
para makaboto



Nakatira sa San Francisco



18 taong gulang o higit pa
sa Nobyembre 6, 2018



Magulang, o legal na tagapatnubay o
tagapangalaga (batay sa CA Family
Code §6550-6552), ng isang batang
mas mababa sa 19 taong gulang ang
edad na nakatira sa San Francisco



Hindi nakakulong o
parolado dahil sa peloni



Hindi napatunayan ng isang hukuman
na wala sa maayos na katinuan ang
pag-iisip para bumoto

MGA HAKBANG SA PAGBOTO

sa Eleksyon para sa Lupon ng
mga Paaralan ng San Francisco

1

MAGDESIYON

Basahin ang Mahalagang Abiso at ang
mga Kailangan para sa Elihibilidad

2

MAGPAREHISTRO

Sagutan ang form para sa pagpaparehistro
bilang botante, at ibalik ito nang personal o
sa pamamagitan ng koreo

3

MAG-ARAL

Basahin ang Booklet ng Eleksyon para sa
Lupon ng mga Paaralan para malaman
ang tungkol sa mga kandidato sa balota

4

BUMOTO

Sa pamamagitan ng koreo, sa Sentro
ng Botohan sa City Hall, o sa inyong
lugar ng botohan

MAHALAGANG ABISO PARA SA MGA HINDI MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod rito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagkamamamayan, tatanungin kayo kung nakapagrehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abugado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksiyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita rin ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa sfelections.org.